

Huminto at pag-isipan

Siyasatin ang pinagmulan (source) ngayong halalang pederal

Sa panahon ng halalang pederal, maraming impormasyon ang ikinakalat na hangad ay makuha ang inyong pagboto.

Napakamahalaga na isipin ninyo kung ano ang inyong nakita, narinig o nabasa. Kung mayroon kayong mga pagdududa tungkol sa impormasyon, may mga katanungang maaari ninyong gawin upang makatulong sa pagbubuo ninyo ng sariling opinyon at pagdidisyon.

Ang inyong ginaganap na papel bilang botante

Maglaan ng panahon upang makapag-isip kung ang impormasyon ay:

Maaasahan

Ito ba ay nagmula sa isang maaasahan o makikilalang pinagmulan ?

Alam ba ninyo ang pinagmulan ng impormasyon? Ito ba ay nanggaling sa isang akreditadong tagapagbalitang media o napatunayang account ng social media?

Ang mga batas sa halalan ay hindi nangangasiwa tungkol sa pagkatotoo ng pagbabalita (communication).

Nasa kasalukuyang lagay

Kailan ito nalathala?

Na dahil lang sa ang balita/artikulo ay pinag-usapan ngayong araw ay hindi ibig sabihing bago ito. Laging kilatins ang orihinal na pinagmulan at petsa ng pagkalathala nito.

Ligtas

Ito ba ay isang panliinlang?

Kung kayo ay may pagdududa sa pinagmulan o nilalaman ng impormasyong ipinamamalita sa social media o iba pang mga platapormang digital, mahalagang maingat na pag-isipan bago kayo makilahok.

Hangga't maaari, dapat ninyong siyasatin ang mga detalye ng makokontak na pinagmulan ng impormasyon.



Ang ginagampanan ng AEC

Ang AEC ay isang malayang ahensya na may katungkulan sa pagpapatakbo ng 2019 na halalang pederal.

Ang ginagampanang papel ng AEC ay para:

Magdulot ng maaasahang Impormasyon sa proseso ng halalan

Ang AEC ay magbibigay ng madaling makuhang impormasyon tungkol sa kung paano magpatala, bumoto o tumakbong kandidato sa pamamagitan ng pagpapatalastas, website, matatawagang sentro at mga account sa social media.

Kung mayroong anumang hindi tamang impormasyon tungkol sa mga proseso ng halalan, kikilos ang AEC upang maituwid ito. Kung labas na sa mga proseso ng halalan – ang AEC ay walang papel na ginagampanan upang magsiyasat sa katotohanan ng impormasyong pinag-uusapan sa halalan.

Mag-imbistiga sa awtorisasyon ng mga ipinamamalita sa halalan.

Ang ilang mga impormasyon sa halalan (electoral communication) ay kinakailangang awtorisado para matulungan kang malaman ang pinagmulan ng impormasyong iyan. Kapag nakatanggap ng mga reklamo, iimbisitigahan ng AEC ang mga impormasyon sa halalan na hindi tiyag na awtorisado.

Bisitahin ang [website ng AEC](http://www.aec.gov.au) para malaman kung ano ang ginagampanang papel ng taong tagapagbalita, mga ahensya ng pamahalaan at media.